**Tingnan**

**Mga aralin**

1. **Itinuturo ng Bibliya ang lahat ng kailangan nating malaman para magawa natin ang lahat ng nais ng Diyos na gawin natin.**

2. **Sinusunod natin ang Tipan ni Kristo at hindi nagdaragdag ng mga batas mula sa Lumang Tipan.**

3. **Ang tunay na pagsunod ay ang paggawa ng eksakto sa sinasabi ng Diyos nang walang binabago sa kanyang salita.**

4. **Ang kaharian ng Diyos ay ang Iglesia na itinayo ni Jesus.**

# Aralin 5 - Mga Detalye Tungkol sa Iglesia - ang Kaharian

**Efeso 1:22-23**
22 At kanyang inilagay ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang mga paa, at ginawa siyang ulo ng lahat ng mga bagay sa iglesya 23 na siyang katawan niya, ang kapuspusan niya na pumupuspos ng lahat sa lahat.

**Efeso 4:4**
May isang katawan at isang Espiritu, kung paanong tinawag kayo sa isang pag-asa ng pagkatawag sa inyo,

**Efeso 5:23**
Sapagkat ang asawang lalaki ang ulo ng asawang babae, gaya ni Cristo na ulo ng iglesya, na siya ang tagapagligtas ng katawan.

1. Ang Iglesia ni Kristo ay?
   A. Ang katawan ni Kristo
   B. Ay katawan ng tao

2. Ilang katawan ang meron si Kristo?
   A. Marami
   B. Isa

3. Kung ang Iglesia ay Kanyang katawan, at mayroong isang katawan, gaano karaming mga Iglesia ang meron tayo sa santlubutan?
   A. Marami
   B. Isa

4. Sino ang ulo ng Simbahan?
   A. Kristo
   B. Pablo


5. Si Jesus ba ang tagapagligtas ng Kanyang katawan - ang Iglesia?
   A. OO
   B. Hindi

6. Siya ba ang tagapagligtas ng mga Iglesia na gawa ng tao?
   A. OO
   B. Hindi

## SI CRISTO ANG ULO NG SIMBAHAN

**Nilinaw ng aklat ng Efeso na iisa lamang ang Iglesia. Sa napakaraming relihiyosong organisasyon, mahalagang matuklasan at hanapin ang pag-aari ni Kristo dahil Siya rin ang tagapagligtas ng katawang iyon.**


## ISANG ULO LANG




**Dahil si Kristo ang ulo ng Iglesia, Siya ang gumagawa ng lahat ng mga desisyon tungkol sa kung ano ang dapat gawin sa Kanyang katawan. Sa pamamagitan ng Bagong Tipan, mahahanapan natin ang Kanyang Iglesia or ang kanyang katawan.**

## ISANG KATAWAN LANG

**Kapag binago ng mga tao ang anumang bagay tungkol sa Iglesia, hindi na si Kristo ang ulo. Ang grupong ito na sumusunod sa turo ng tao ay hinding -hindi pag-aari ni Kristo.**





| | | |
|---|---|---|
| 1. A | 2. B | 3. B |
| 4. A | 5. B | 6. B |

## Ano ang pangalan ng Iglesia na makikita natin sa Bibliya?

**Mga Taga Roma 16:16**
Magbatian kayo ng banal na halik. Binabati kayo ng lahat ng mga iglesya ni Cristo.

**1 Timoteo 3:15**
ngunit kung ako'y maantala, ay maaari mong malaman kung ano ang dapat ugaliin ng bawat tao sa bahay ng Diyos, na siyang iglesya ng Diyos na buháy, ang haligi at suhay ng katotohanan.

**Efeso 1:22-23**
22 At kanyang inilagay ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang mga paa, at ginawa siyang ulo ng lahat ng mga bagay sa iglesya, 23 na siyang katawan niya, ang kapuspusan niya na pumupuspos ng lahat sa lahat.

**Mga Gawa 20:28**
Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan. Sa kanila'y inilagay kayo ng Espiritu Santo na mga tagapangasiwa upang pangalagaan ninyo ang iglesya ng Diyos na binili niya ng kanyang

7. Ano ang tawag sa Iglesia na makikita sa Bibliya?
   A. Iglesia ni Kristo
   B. Tabernakulo

8. Ano ang tawag sa Iglesia ni Kristo?
   A. Bahay ni Pedro
   B. Bahay ng Diyos

9. Ano ang tawag sa Bahay ng Dios?
   A. Katawan ni Kristo
   B. Sinagoga


10. Ano ang tawag sa Katawan ni Kristo?
    A. Templo
    B. Iglesia ni Kristo

11. Sino ang bumili ng Iglesia sa pamamagitan ng Kanyang dugo?
    A. Si Juan Bautista
    B. Si Jesu-Kristo

7. A 8. B 9. A 10. B 11. B

**MGA PANGALAN NG SIMBAHAN**

**Iglesia ni Kristo**
**Bahay ng Diyos**
**Katawan ni Kristo**
**Si Kristo lamang ang nagmamay-ari ng kanyang Iglesia dahil binili niya ito ng sarili niyang dugro.**




**Ang Iglesia ni Kristo na masusumpungan natin sa Bibliya ay nagpapakilala nito bilang Kanya. Ito ay may katuturan. Hindi natin tinatawag ang Iglesia sa ibang pangalan ng tao dahil si Krsito lamang ang nagtatatag, bumilli nito ng kanyang dugo at magliligtas sa kanyang pagbabalik.**

## Si Kristo ang ulo. Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa katawan?

**Filipos 1:1**
Si Pablo at si Timoteo, na mga alipin ni Cristo Jesus, sa lahat ng mga banal kay Cristo Jesus na nasa Filipos, kasama ang mga obispo at ang mga diakono:

12. Para kanino ang sulat?
    A. Lahat ng mga banal sa Filipos
    B. Kay Philipe

13. Ano ang dalawang pangkat na nakalista dito?
    A. Mga Saduceo at Pariseo
    B. Mga Obispo at Diakono

12. A 13. B

# Sino ang mga Obispo?

**Mga Gawa 20:17, 28**
17 Mula sa Mileto ay nagpasugo siya sa Efeso at ipinatawag ang **matatanda** ng iglesya.

28 Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan. Sa kanila'y inilagay kayo ng Espiritu Santo na mga **tagapangasiwa** upang **pangalagaan** ninyo ang iglesya ng Diyos na binili niya ng kanyang sariling dugo.

| Greek | Latin | English | Tagalog |
|---|---|---|---|
| Episkopos | Bishop | Overseer | Tagapangasiwa |
| Presbuteros | Presbyter | Elder | Matatanda |
| Poimien | Pastor | Shepherd | Pastol |

14. Sino ang tinawag ni Pablo mula sa Efeso?
    A. Ang mga apostol
    B. Ang mga matatanda

15. Ano ang ginawa ng Banal na Espiritu sa mga matatanda?
    A. Tagalinis ng Gusali
    B. Mga tagapangasiwa

16. Ano ang dapat nilang gawin para sa ?
    A. Pakainin ang Iglesia
    B. Umalis

14. B 15. B 16. A

Sa Filipos 1:1 ang salitang obispo ay nagmula sa salitang Griyego na Episkopos. Sa Gawa 20:28 ang parehong salitang ito, ang Episkopos ay isinalin bilang mga tagapangasiwa. Ipinakikita ng bersikulo 17 na si Pedro ay nagbibigay ng mga tagubilin sa matatanda. Ang mga Obispo Elder, Tagapangasiwa, Presbyter, Pastol, Pastor, ay lahat ay nagsasalita tungkol sa iisang grupo ng mga lalaki.

**Ang mga matatanda ng Iglesia ay sinabihan na mag-ingat, gayundin, protektahan at pakainin ang mga miyembro ng Iglesia. Ang mga tagapangasiwang ito ay may mga responsibilidad na pangalagaan ang espirituwal na kalusugan ng kongregasyon, at tiyakin na ang mga bagay ay ginagawa nang disente at maayos. (1 Corinto 14:40) Ang matatanda ay hindi gumagawa ng mga tuntunin o batas para sa Iglesia. Si Kristo lamang, ang ulo, ang may kapangyarihang ibinigay ng Diyos upang pamahalaan ang katawan.**

**Hindi lahat ay maaaring maging Obispo. Ang mga kuwalipikasyon para sa pagiging matanda ay matatagpuan sa 1 Timoteo 3:1-7**

**1 Timoteo 3:1-7**
1 Tapat ang salita: Kung ang sinuman ay naghahangad na maging obispo, siya ay nagnanais ng mabuting gawain.
2 Kailangan na ang obispo ay walang kapintasan, asawa ng isang babae, mapagpigil, matino ang pag-iisip,
kagalang-galang, mapagpatuloy ng panauhin, mahusay magturo, 3 hindi mahilig sa alak, hindi mapusok kundi
mahinahon, hindi palaaway, at hindi maibigin sa salapi. 4 Dapat ay pinamamahalaan niyang mabuti ang kanyang
sariling sambahayan, sinusupil ang kanyang mga anak, at may lubos na paggalang. 5 Sapagkat kung ang sinuman
ay hindi marunong mamahala ng kanyang sariling sambahayan, paano niya pangangalagaan ang iglesya ng
Diyos? 6 Hindi isang bagong hikayat, baka siya magpalalo at mahulog sa kahatulan ng diyablo. 7 Bukod dito'y
dapat din namang siya'y magkaroon ng mabuting patotoo mula sa mga nasa labas, baka siya mahulog sa
kahihiyan at bitag ng diyablo.

# Sino ang mga Diakono?

**Mateo 23:11**
Ang pinakadakila sa inyo ang magiging lingkod ninyo.

**Ang Diakono ay nagmula sa salitang Griyego na diakoneō. Ibig sabihin ay maging isang lingkod o maglingkod sa iba. Ang lahat ng mga tagasunod ni Kristo ay dapat maging mga lingkod at maglingkod sa iba. Ngunit, hindi lahat ay maaaring humawak ng katungkulan ng isang diakono. Ang mga kwalipikasyon sa paghawak ng katungkulan ng diakono ay matatagpuan sa 1 Timoteo 3:8-13.**

**1 Timoeto 3:8-13**
8 "Gayundin naman ang mga diakono ay dapat na maging kagalang-galang, hindi dalawang dila, hindi
nalululong sa maraming alak, hindi mga sakim sa masamang pagkakakitaan, 9 na iniingatan ang hiwaga ng
pananampalataya nang may malinis na budhi. 10 At ang mga ito rin naman ay subukin muna; at kung
mapatunayang walang kapintasan, hayaan silang maglingkod bilang mga diakono. 11 Gayundin naman,
ang mga babae ay dapat na maging kagalang-galang, hindi mapanirang-puri, kundi mapagpigil, tapat sa
lahat ng mga bagay. 12 Ang mga diakono ay dapat na may tig-iisang asawa lamang, at pinamamahalaang
mabuti ang kanilang mga anak at ang kanilang sariling mga sambahayan. 13 Sapagkat ang mga
nakapaglingkod nang mabuti bilang mga diakono ay nagtatamo para sa kanilang sarili ng isang mabuting
katayuan, at ng malaking pagtitiwala sa pananampalataya kay Cristo Jesus."

**Ang mga diakono ay mga lalaking tutulong sa mga matatanda o Obispo sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga pisikal na bagay ng Iglesia ay wastong pinangangasiwaan. Ang ilang halimbawa nito ay ang pag-aalaga sa gusali, pagtulong sa mga matatanda at mga balo na may pisikal na pangangailangan, at pagtiyak na makukuha ang mga bagay tulad ng mga aklat ng awit na kailangan para sa pagsamba.**

## Sino ang mga Santo?

Ang ibig sabihin ng salitang Santo ay ang mga itinalaga at tinawag sa kadiliman ng kasalanan. Lahat ng mga Kristiyano ay nasa liwanag na. Samakatuwid, ang lahat ng mga Kristiyano ay mga banal.

**1 Mga Tafa-Corinto 1:2**
Sa iglesya ng Diyos na nasa Corinto, sa mga ginawang banal kay Cristo Jesus, mga tinawag na banal, kasama ng lahat na sa bawat lugar ay tumatawag sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo na kanila at ating Panginoon:

**1 Pedro 2:9-10**
9 Ngunit kayo'y isang lahing pinili, isang maharlikang pagkapari, isang bansang banal, sambayanang pag-aari ng Diyos, upang inyong ipahayag ang mga makapangyarihang gawa niya na tumawag sa inyo mula sa kadiliman, tungo sa kanyang kagila-gilalas na liwanag. 10 Noon ay hindi kayo bayan, ngunit ngayo'y bayan kayo ng Diyos; noon ay hindi kayo tumanggap ng habag, ngunit ngayo'y tumanggap kayo ng habag.

**Ang salitang Kristiyano, na tumutukoy sa mga tagasunod ni Jesus, ay ginamit nang 3 beses sa Bibliya.**

**Gayunpaman, ang salitang mga banal ay ginamit ng 61 beses upang tukuyin ang mga taga-sunod ni Kristo or mga Krsitiano**

**Isang Iglesia lamang ang itinayo ni Kristo, at ililigtas Niya. Si Kristo ang ulo ng Iglesia na nangangahulugan na Siya lamang ang magpapasya kung ano ang dapat gawin sa Igesia. Ang mga banal na kasulatan sa aralin 6 ay Nagtuturo kung ano ang inaasahan ng Diyos kapag ang Kristiano or mga banal ay nagsasama-sama.**